

Panatilihin ang Malusog ang Iyong Pusa

Orihinal na sinulat ni Virginia Clemons, DVM - BestFriends Animal Society
Isinalin sa Filipino ni Ike Veneracion - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team
(PART)/Phoenix Legacy of Compassion

Maraming paraan para matiyak ang kalusugan ng iyong alagang pusa. Isa na dito ang regular na pagdalaw sa beterinaryo. Pumunta agad sa beterinaryo sa unang tanda ng sakit sa iyong alaga, sa halip na maghintay ng isa o dalawang araw para gumaling ito. Kadalasan, isang tawag lang sa inyong beterinaryo ang kaibahan ng mabilis na pag-galing o pagusad ng malubhang komplikasyon. Kung masugid mong binabantayan ang kilos ng iyong pusa, malaki ang pagkakataon na magiging mahaba at malusog ang buhay ng iyong alaga. Tandaan na mas mabilis ng limang beses ang pagtanda ng pusa kasya tao. Ang karaninwang haba ng buhay ng mga pusa ay labing apat na taon at nakasalalay ito sa genetika, nutrisyon, kapaligiran at pagbabakuna. Dapat mabigyan ang pusa ng eksaminasyong pisikal baw't taon hanggang sa edad na 8, at dalawang beses kada taon paglagpas ng edad na ito.

Sundin ang payo ng beterinaryo ukol sa mga nararapat na bakuna.

Kahit hindi pa kailangan ng bakuna, mahalaga pa din dumalaw sa beterinaryo para sa eksaminasyong pisikal taon-taon. Mabibigyan din kayo ng beterinaryo ng mga payo ukol sa pagkain at ehersisyo ng inyong alaga.

Ang mga mahahalagang bagay na dapat pansinin ukol sa inyong pusa ay ang kanyang gana sa pagkain at pag-inom ng tubig (kung lumalakas o humihina), paninigas ng dumi o pagtatae, pagsusuka, pag-ubo, mga bukol sa katawan, pag-bahin o uhog sa ilong, problema sa pag-ihi, panghihina at pagbaba ng timbang. Tuwing pupunta sa beterinaryo, maging handa sa pagbigay ng kasaysayan ng mga problema ng iyong alaga.

Handa ka dapat sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

*Gaano katagal nang umiiral ang problema?

*Lumalala ba ang problema o nananatiling pareho lang?

*May mga nasubukang ba na paggamot sa bahay at anu-ano mga ito?

Maging masinsinan at payak sa pagsalaysay ng problema sa inyong beterinaryo.

Para sa pinakamabisang resulta, sundan ng maigi ang rekomendadong paggamot ng beterinaryo. Kung hindi niyo kayang ibigay ang iniresetang gamot o paraan ng paggamot, sabihin agad sa beterinaryo upang mabigyan kayo ng alternatibong pamamaraan.

Tandaan, pag hindi nagamot, ang pusa mo ay hindi gagaling.

Ang maayos na nutrisyon ang pundasyon ng mahaba at malusog na buhay. Maaring nakakalito ang pagpili ng tamang pagkain para sa iyong pusa dahil sa dami ng pagpipilian. Hindi lahat ng pagkain ng pusa ay pantay-pantay. Karaniwa’y mas mainam ang mga de kalidad na tatak kasya mga mas mura o ‘generic’ na uri, nguni’t tulad sa lahat ng bagay, ang kasabihang ‘ang makukuha mo ay katumbas lamang ng binayaran mo’ ay madalas na totoo pagdating sa pagkain ng pusa. Humingi ng payo mula sa inyong beterinaryo kapag pipili ng tamang pagkain para sa inyong alagang pusa.

Alin ang mas mainam: tuyong pagkain o yung pagkaing basa? Ang gusto ng ibang pusaay isang klase lang, samantalang ang iba naman gusto pareho. Dapat mo din malaman na ang pagbigay ng tuyong pagkain sa iyong pusa ay hindi garantiya na hindi niya kakailanganin ang regular na pangangalagang ngipin.

Isang huling paalala: Ipakapon ang inyong pusa! Ang operasyon na ito ay maaring gawin kasing aga ng 8 na linggong edad ng pusa. Ang pusang kinapon ay may mas kaunting problema sa pag-uugali, katulad ng pagiging agresibo o madalas na pagmamarka ng teritoryo sa pamamagitan ng pag-ihi. Ang pag-iinit ng babaeng pusa ay nawawala at ang kagustuhang gumala naman ay nawawala sa lalaking pusa. Nababawasan o nawawala din ang pagkakataon na magkaroon ng kanser sa aring pangreproduktibo at sa suso. At ang nakapon na pusa ay hindi makakadagdag sa problema ng lumolobong populasyon ng mga pusa.